# Mga Pamamaraan para Manatiling Ligtas ang mga Imigrante sa San Francisco

**May mga karapatan ang mga imigranteng pamilya saan man sila nanggaling o anuman ang kanilang istatus pangimigrasyon.**

Ang San Francisco ay isang Santuariong Syudad, at may dedikasyon ang gobyerno ng lungsod sa paglikha ng ligtas na kapaligiran sa pagpasok ng mga imigrante sa paaralan, sa pagkokonsulta ng duktor, at para maging bahagi ng kanilang comunidad. Hindi maaaring tanungin ng mga kagawad ng Syudad ang inyong istatus pangimigrasyon kapag kayo'y nagaapply para sa mga benepisyo ng syudad. Hindi makikipagsabwatan ang San Francisco sa Immigration ang Customs Enforcement o ICE, liban na lamang kung ito'y hinihiling ng pang-estado o pederal na gobyerno. Para sa karagdagang mga impormasyon, kontakin lamang ang Departamento ng Legal ng SFUSD: (415) 241-6054

Sa pagiging mulat sa inyong karapatan at pagiging handa, puwede kayong maprotektahan mula sa ICE, at mailalagay kayo sa posisyon ng katatagan.

---

## Ang ika-4 at ika-5 mga Susog sa Konstitusyon ng US ay nagtitiyak sa inyong karapatan na:

- **Tumahimik lamang: "Hindi ko gustong makipagusap sa inyo"**
- **Tumanggi sa paghalughog nang walang warrant: "Hindi ako sumasangayon sa paghalughog na ito"**
- **Tumangging pumirma sa anumang dokumento: "Hindi ako pipirma sa anumang bagay hanggat wala ang aking abugado"**
- **Humiling ng abugado at matawagan siya: "Gusto kong konsultahin ang aking abugado"**

Ang **HOTLINE MABILISANG PAGTUGON: 415.200.1548** ay hotline sa ibat ibang wika para sa mga imigrante sa SF na nangangailangan ng mga serbisyong ligal **dahil sa aktibidad ng ICE sa SF**. Tawagan ang mga numerong ito o makipagugnayan sa **San Francisco Immigrant Legal and Education Network (SFILEN)** kung nangangailangan kayo ng tulong!

Kapag lalapitan kayo ng ICE, may karapatan kayong:

1. **Manatiling tahimik. Tumangging magbigay ng inyong ID at pangalan.**
2. **Tumangging sagutin ang kanilang mga katanungan.**
3. Magtanong kung **"Ako ba'y inyong idiniditine?"**. Kung hindi, magsabi kung maaari ka bang makaalis na.
4. **Humiling ng abugado kung ikaw ay kanilang idiniditine.**
5. **Tumawag sa (415)200-1548** upang ipaalam ang aktibidad ng ICE at maprotektahan ang inyong komunidad.


---

SFILEN

| | | |
|---|---|---|
| **African Advocacy Network** | (African/Afro-Caribbean) | (415) 503-1032 |
| **Arab Resource & Organizing Center** | (Arabic) | (415) 861-7444 |
| **Chinese for Affirmative Action** | (Chinese) | (415) 761-3222 |
| **SF Bar Association** | (English) | (415) 989-1616 |
| **Filipino Community Center** | (Filipino) | (415) 333-6267 |
| **CARECEN** | (English/Spanish) | (415) 642-4400 |
| **PODER** | (Spanish) | (415) 431-4210 |

## Ang Ika-14 na Susog ay Naggagarantiya ng Pantay na Proteksyon Para sa Lahat sa US:

**Bawat bata ay may karapatan sa pantay na edukasyon, kabilang na ang makapasok sa pampublikong paaralan, anuman ang kanilang lahi, etnikong pinagmulan, relihiyon, kasarian, mayaman o mahirap man, o anumang ang kanilang istatus pangimigrasyon.**





## May Karapatang Makaboto ang mga Hindi Citizen sa San Francisco

Mula 2018, ang mga kwalipikadong hindi citizen (halimbawa: mga may hawak ng green card) ay maaaring lumahok sa eleksyon ng School Board ng SFUSD. puwede ninyong maipahiwatig ang inyong tinig sa 2019 School Board Elections kung ang lahat ng mga sumusunod ay totoo:

- **Ikaw ay 18 taong gulang na sa o bago mag November 5, 2019**
- **Ikaw at ang iyong anak ay nakatira sa San Francisco**
- **Ikaw ang magulang, legal guardian, o tagapagalaga ng isang batang mababa sa 19 taong gulang ang edad**
- **Ikaw ay wala sa kulungan sa kasalukuyan o nakaparole para sa isang nahatulang seryosong krimen**
- **Ikaw ay hindi deklarado bilang "may kapansanan sa pagiisip" ng anumang korte sa US**

Ganunpaman, may mga peligro kaugnay ng pagboto: ang mga impormasyon na inyong ibinibigay ay maaaring makita ng gobyernog federal. Ang kinauukulang mga pamilya ay kinakailangang:




Maaari ninyong kontakin ang mga organisasyon na nasa ibaba upang mapagaralan kung paano makakaboto, protektahan ang inyong impormasyon bilang botante na non-citizen, at makilahok sa inyong mga paaralan:

Pagboto ng Imigranteng Magulang

Immigrant Parent Voting

| | |
|---|---|
| **African Advocacy Network** (African/Afro-Caribbean) | (415) 503-1032 |
| **Arab Resource & Organizing Center** (Arabic) | (415) 861-7444 |
| **Chinese for Affirmative Action** (Chinese) | (415) 761-3222 |
| **Coleman Advocates for Children and Youth** | (415) 239-0161 |
| **La Raza Community Resource Center** (Spanish) | (415) 863-0764 |
| **CARECEN** (English/Spanish) | (415) 642-4400 |
| **Mission Economic Development Agency** (Spanish) | (415) 282-3334 |
| **Mission Graduates** (Spanish) | (415) 864-5205 |

Maging Aktibo, Makialam at Lumahok!

Marami pang ibang paraan na ang mga imigranteng magulang ay maaaring makalahok. Nagpupulong tuwing ikalawa at ikaapat na martes ng bawat buwan ang Board of Education ng SFUSD. Ang mga ito ay bukas sa publiko at ginaganap sa:

Irving G. Breyer Board Meeting Room **|| 555 Franklin Street, First Floor** || San Francisco, CA

Mayroon ditong mga tulong pangwika. Puntahan ang website ng SFUSD Interpretation and Translation Unit para sa mga karagdagang detalye: https://tinyurl.com/SFUSDLanguageSupport

Makipagugnayan sa mga grupong ito sa inyong mga paaralan upang alamin kung paano kayo makikisangkot:

- English Learner Advisory Committee (ELAC)
- School Site Council (SSC)
- Parent Teacher Association (PTA)